

Maaari Ninyong Iprotesta ang Iminumungkahing Pag-aakma ng Presyo

Maaari ninyong gamitin ang form sa paunawang ito upang iparehistro ang inyong protesta laban sa iminumungkahing pag-aakma ng presyo ng tubig. Makakapili rin kayo na magpadala ng liham sa Lunsod, sinusunod ang mga iniaatas sa ibaba, o humarap sa pagdinig na nakalista sa pangharap na pabalat ng paunawang ito upang isumite ang inyong nakasulat na protesta.

Paano Ako Makakalahok?

Ang mga interesadong partido ay maaaring magkomento sa mga iminumungkahing presyo. Ang Artikulo XIII D, seksyon 6 (Proposisyon 218) ng Saligang-batas ng California ay nagbabawal sa Lunsod na ipatupad ang mga bagong presyo kung ang isang mayoriya ng mga apektadong may-ari ng ari-arian o mga umuupa ay nagharap ng mga nakasulat na protesta na sumasalungat sa mga presyo bago matapos ang pampublikong pagdinig. Isa lamang nakasulat na protesta kada apektadong ari-arian ang ibibilang para sa protesta ng mayoriya. Ang mga nakasulat na protesta ay dapat matanggap ng City Clerk, Mail Station No. 2P, City Administration Building, 202 C Street, San Diego, CA 92101, bago matapos ang pampublikong pagdinig na nakatakda para sa ika-2 ng hapon, Enero 24, 2011. Ang bawat protesta ay dapat tumukoy sa apektadong ari-arian (ang street address o Assessor's Parcel Number) at isang ang pirma ng may-ari ng ari-arian o nakarekord na parokyano ng utilidad. Ang mga protesta sa email ay hindi tatanggapin. Bagaman ang mga pasalitang komento sa pampublikong pagdinig ay hindi magiging kuwalipikado bilang mga pormal na protesta maliban kung may kasamang nakasulat na protesta, ang Alkalde at Konseho ng Lunsod ay tumatanggap ng komento mula sa komunidad sa panahon ng pampublikong pagdinig.

Ang ilang parokyano ay tatanggap ng maraming paunawa. Upang matiyak na ang lahat ng mga Taga-San Diego ay nabigyan ng kaalaman tungkol sa mga posibleng pagtaas ng presyo ng tubig, ang mga Paunawang ito ay ipinadadala sa lahat ng mga parokyano ng City of San Diego Water Department (Kagawaran ng Tubig ng Lunsod ng San Diego). Kung ikaw ay responsable para sa higit sa isang bill, tatanggap ka ng higit sa isang Paunawa.

GAMITIN ANG FORM NA ITO UPANG IPROTESTA ANG IMINUMUNGKAHING PAGTAAS NG PRESYO NG TUBIG

Ako, si _____ ay nagpoprotesta sa pagtaas na ito ng mga presyo ng tubig.
(Ilimbag ang pangalan at apelyido)

Address ng Ari-arian o
Assessor's Parcel Number: _____

Pirma: _____

If Kung nais mong gamitin ang form na ito bilang iyong protesta, mangyaring kumpletuhin at ipadala sa loob ng isang may-selyong sobre sa: City Clerk, City Administration Building, 202 C Street, MS 2P, San Diego, CA 92101

Ang materyal na ito ay makukuha sa mga panghaliling anyo kung hihilingin upang bigyang-daan ang mga taong may kapansanan o mga hindi nagsasalita ng Ingles. Upang humingi ng impormasyon sa panghaliling anyo, o upang makipag-ayos para sa isang tagasalin ng senyas na wika o pasalitang pagsasalin sa pagdinig sa **Enero 24, 2011**, mangyaring tawagan ang opisina ng Klerk sa o bago ang Enero 14, 2011 sa (619) 533-4000 (boses) o (619) 236-7012 (TTY).



ANG LUNGSOD NG SAN DIEGO

Paunawa ng Pampublikong Pagdinig

Ang Konseho ng Lunsod ng San Diego ay magsasagawa ng isang pampublikong pagdinig upang isaalang-alang ang isang iminumungkahing pagtaas ng presyo ng tubig bilang resulta ng pagtaas ng County Water Authority (Awtoridad ng Tubig ng County) para sa pakyawang halaga ng tubig.

Ang mga interesadong tao ay iniimbitahan na dumalo. Basahin ang nasa loob upang makakuha ng karagdagang kaalaman.

Enero 24, 2011
Ika-2 ng hapon
City Administration Building
202 "C" Street, 12th Floor
Council Chambers

Basahin ang linalaman nitong kasulatan!
Pahayag ng Pambayang Paglilitis

Ang kasulatan na ito ay matatagpuan din sa www.sandiego.gov, sa wikang Tagalog. Este Material esta disponible en Espanol en la pagina electronica: www.sandiego.gov.
San Diego, California 92101
202 C Street, MS 2P
THE CITY OF SAN DIEGO



PERMIT NO. 9
SAN DIEGO, CA
U.S. POSTAGE PAID
STANDARD
PRESORTED



led Paper

MGA IMINUMUNGKAHING PRESYO AT SINGIL SA SERBISYONG TUBIG

Ang Konseho ng Lunsod ng San Diego ay magsasagawa ng isang pampublikong pagdinig upang isaalang-alang ang mga iminumungkahing pag-aakma sa mga presyo ng tubig. Ang pulong ay gaganapin sa Enero 24, 2011 sa ika-2 ng hapon. Sa pagdinig na ito isasaalang-alang ng Konseho ng Lunsod ang rekomendasyon na itaas ang mga presyo ng tubig upang mabawi ang tumaas na halagang sinisingil ng San Diego County Water Authority para sa pakyawang tubig.

MGA IMINUMUNGKAHING BAGONG SINGIL SA TUBIG BATAY SA AKSYON NG COUNTY WATER AUTHORITY

Noong Hunyo 24, 2010 ang San Diego County Water Authority (CWA) ay bumoto upang itaas ang ilan sa mga presyong sinisingil nito para sa inangkat na tubig simula sa Enero 1, 2011. Ang mga pagtaas na ito ng presyo ay umaaplay sa lahat ng mga ahensiya ng tubig ng county, kabilang ang Lunsod. Dahil ang mga lokal na panustos na tubig ay napakalimitado, ang Lunsod ay dapat bumili ng humigit-kumulang na 85-90% ng tubig na itinutustos nito sa mga parokyano mula sa CWA. Dahil ang Lunsod ay inaatasang bawiin ang mga gastos para sa mga pagbili ng tubig, dapat itong gumawa ng "pagpasa" nitong mga tumaas na singil sa mga sarili nitong parokyano.

Ibinabatay ng CWA ang mga pagtaas nito sa mga gastos sa sariling impra-istruktura, mga pagpapatakbo at pagpapanatili. Ang mga pagtaas ng CWA ay nagpapakita rin ng halagang ibinabayad nito upang bumili ng tubig mula sa pinakamalaking tagabenta ng pakyawang tubig sa rehiyon, ang Metropolitan Water District of Southern California (Metropolitan na Distrito ng Tubig ng Timog California). Ang CWA ay nag-aproba ng mga pagtaas sa pareho ng pirmihang singil sa paggamit ng impra-istruktura at sa mga singil sa kalakal, na batay sa halaga ng biniling tubig. Ang mga pagtaas na ito ng presyo ay hindi kabilang ang anumang paggasta para sa impra-istruktura ng Lunsod, mga pagpapatakbo o pagpapanatili.

ISANG MAHALAGANG PAUNAWA: Higit sa 90 porsiyento ng mga parokyanong Pang-isang Pamilyang Tirahan ay may mga sukat ng metro na wala pang 1 pulgada. Iyon ay nangangahulugan na ang malaking mayoriya ng mga parokyano ng Pang-isang Pamilyang Tirahan ay makikita nila ang kanilang Base Fee ay tataas ng 47 cents kada buwan. Kung kailangan ninyo ng tulong upang malaman ang sukat ng inyong metro, mangyaring tawagan ang Public Utilities Customer Service Division sa (619) 515-3500.

IMINUNUMUNGKAHING IPINASANG PAGTAAS NG CWA – BUWANANG BASE FEE (BATAY SA SUKAT NG METRO)

MGA BASE FEE Sukat ng Metro	Mga Kasalukuyang Fee	Inaasahang Pagtaas	Presyo sa Marso 1, 2011
5/8 Pulgada	\$18.86	\$0.47	\$19.33
3/4 Pulgada	\$18.86	\$0.47	\$19.33
1 Pulgada	\$27.66	\$0.80	\$28.46
1 1/2 Pulgada	\$47.79	\$1.55	\$49.34
2 Pulgada	\$72.95	\$2.49	\$75.44
3 Pulgada	\$132.04	\$4.70	\$136.74
4 Pulgada	\$216.30	\$7.85	\$224.15
6 Pulgada	\$425.08	\$15.65	\$440.73
8 Pulgada	\$676.59	\$25.05	\$701.64
10 Pulgada	\$970.89	\$36.05	\$1,006.94
12 Pulgada	\$1,808.47	\$67.35	\$1,875.82
16 Pulgada	\$3,150.36	\$117.50	\$3,267.86

MGA PRESYO NG TUBIG NA BINAWASAN NOONG SETYEMBRE: Noong Disyembre 3, 2008, ang Konseho ng Lunsod ng San Diego ay bumoto na simulan ang isang Proyektong Pagpapakita ng Pagpapadalisay ng Tubig (Water Purification Demonstration Project) upang alamin ang posibilidad ng paggamit ng mataas na ginamot na niresaykel na tubig upang dagdagan ang mga lokal na panustos na iniinom na tubig. Noong Enero 1, 2009, ang isang pansamantalang pagtaas ng antas ng tubig na 3.08% ay ginamit sa lahat ng mga klase ng parokyano at bai-baitang na mga presyo ng paggamit nang pantay-pantay upang pondohan ang proyektong ito.

MGA IMINUMUNGKAHING PAG-AAKMA SA HALAGA NG COMMODITY FEE DAHIL SA PAGPASA NG CWA

Bilang karagdagan sa pagtaas sa Base Fee para sa mga pirmihang singil, ang mga gastos sa ipagpasa ng CWA na iminumungkahi ng Lunsod ay magtataas din sa Commodity Fee. Ang Lunsod ay nagmumungkahi na itaas ang mga Commodity Fee ng 5.92% para sa bawat hundred cubic feet (HCF) ng tubig na nakokonsumo sa loob ng bai-baitang na sistema ng presyo ng tubig ng Lunsod. Ang hundred cubic feet ng tubig ay kapantay ng humigit kumulang na 748 gallons.

IMINUNUMUNGKAHING IPINASANG PAGTAAS NG CWA – BUWANANG COMMODITY FEE (BATAY SA PAGGAMIT NG TUBIG)

Klasipikasyon ng Parokyano	Mga Kasalukuyang Fee	Inaasahang Pagtaas	Presyo sa Marso 1, 2011
Pang-isang Pamilyang Tirahan			
Baitang 1 (Unang 7 HCF na ginamit)	\$3.410	\$0.202	\$3.612
Baitang 2 (Ikalawang 7 HCF na ginamit)	\$3.698	\$0.219	\$3.917
Baitang 3 (Unang 14 na HCF na ginamit)	\$4.152	\$0.246	\$4.398
Pangmaraming- Pamilyang Tirahan			
Pangkomersiyo	\$3.698	\$0.219	\$3.917
Pang-industriya	\$3.547	\$0.210	\$3.757
Patubig	\$3.790	\$0.224	\$4.014
Pansamantalang Konstruksiyon	\$3.790	\$0.224	\$4.014

PAUNAWA: Ang mga kasalukuyang fee ay sumasalin sa pagbawas noong Setyembre 1, 2010.

Halimbawa:

Kapag isinama sa mga bagong Base Fee, ang tumaas na Commodity Fee ay epektibong magtataas ng mga presyo ng tubig para sa isang pangkaraniwang parokyano na Pang-isang-Pamilyang Tirahan na gumagamit 14 HCF ng humigit-kumulang na 4.97% (\$3.41 kada buwan). Ang eksaktong halaga ng pagtaas ay mag-iiba sa mga parokyano dahil sa iba't ibang antas ng pagkonsumo ng tubig.

EPEKTO NG IMINUMUNGKAHING PAGTAAS NG PRESYO NG TUBIG SA PANGKARANIWANG BUWANANG SINGIL SA PANG-ISANG PAMILYANG TIRAHAN

Pang-isang Pamilyang Tirahan	Mga Kasalukuyang Fee	Inaasahan sa Marso 1, 2011	Pagtaas (\$)	Pagtaas (%)
<u>Base Fee</u>				
3/4 pulgada na metro	\$18.86	\$19.33	\$0.47	2.49%
<u>Commodity Fee*</u>				
Baitang 1 (1-7 HCF)	\$23.87	\$25.28	\$1.41	5.92%
Baitang 2 (8-14 HCF)	\$25.89	\$27.42	\$1.53	5.92%
Kabuuan	\$68.62	\$72.03	\$3.41	4.97%

*Ipinapalagay ang 7 HCF na ginamit kada baitang ng presyo.

PAUNAWA: Upang makatulong na itaguyod ang konserbasyon, ang Lunsod ay gumagamit ng isang bai-baitang na balangkas ng pagsingil na nagtataas ng mga halaga para sa tubig na ginagamit ng mga parokyano sa tirahan. Ang unang baitang na presyo ay umaaplay sa paggamit ng tubig na hanggang 7 HCF kada buwan. Ang ikalawa, pinakamataas na baitang ng presyo ay umaaplay sa lahat ng tubig na ginagamit na higit sa 7 HCF at hanggang 14 HCF kada buwan. Ang ikatlo, pinakamataas na baitang ng presyo ay umaaplay sa lahat ng tubig na ginagamit na higit sa 14 HCF kada buwan.

Mangyaring tandaan na ang Lunsod ay sumisingil sa mga parokyano na Pang-isang-Pamilyang Tirahan minsan sa dalawang buwan. Ito ay nangangahulugan na ang bawat bill sa tubig na natatanggap ng mga parokyano ay kabilang ang mga singil para sa dalawang buwan ng serbisyo.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga presyo ng tubig ay makukuha sa www.sandiego.gov/water o sa pamamagitan ng pagtawag sa (619) 515-3500.

Ang pansamantalang pagtaas na ito ng presyo ay natanggal mula noong Setyembre 1, 2010. Ang kabuuang halaga ng proyekto ay \$11,811,000 at ang pansamantalang pagtaas ng presyo ay nakalikom ng \$10,550,477 na kita. Ang natitirang \$1,260,523 sa mga gastos sa proyekto ay isasauli sa pamamagitan ng Proposisyon 50 ng California at ng mga gawad ng Kawanihan ng Reklamasyon ng Estados Unidos (U.S. Bureau of Reclamation). Sa mga kasalukuyang fee na ipinakita sa itaas ay kabilang ang epekto ng pagbawas na ito.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Indirect Potable Reuse Demonstration Project, bisitahin po lamang ang www.sandiego.gov/water at pintudin ang icon na Water Reuse.